

5

Mag-muslim ka dahil ang Islam ay nanghihiikayat tungo sa lahat ng kabutihan tulad ng marangal na pag-uugali at mabuting pakikitungo:

Kabilang sa pinakadakilang layunin ng Islam: Paglinis sa katauhan ng tao mula sa mga pangit na gawain, at pagpalamuti nito sa pamamagitan ng mga maiinam at mararangal na pag-uugali. Sinabi ng Allah: *(Walang iba kundi ang Allah ang nagpadala sa mga Arabo ng Sugo na hindi marunong bumasa, na nagmula mismo sa kanila tungo sa lahat ng sangkatauhan, na walang anumang (Banal na) Kasulatan ni bakas ng mensahe ang nakarating sa kanila, na binibigkas sa kanila ang Qur'an, at nililinis sila mula sa mga maling paniniwala at mga masasamang pag-uugali)* Al-Qur'an 62:2

Ibig sabihin: Nililinis sila mula sa Shirk (pagtatambal sa Allah), mga kasalanan, mga pangit na gawain at mga masasamang pag-uugali. At sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: *(Ang dahilan ng pagsugo sa akin ay upang kompletuhin ko ang mga mararangal na pag-uugali.)*, tulad ng katapatan, mapagkakatiwalaan, pagdudugtong ng ugnayan sa kamag-anak, pagpapabuti ng pagiging kapit-bahay, pagkamakatarungan, mapagbigay, pagkakaroon ng hiya, pagpapatawad, pagpigil sa makakasama at iba pa.

6

Mag-muslim ka upang ikaw ay maging maligaya sa Kabilang-Buhay:

Ipagpalagay mo kung ang isang tao ang nagtayo ng isang malaking palasyo at ito ay dinagdagan niya ng mga produkto ng makabagong teknolohiya. At nang siya ay matapos sa pagpapagawa nito, giniba niya ito ulit. Maaari bang mailarawan ang taong ito bilang matalino?

Kung ang kilos na ito ay hindi naaangkop sa taong may isip; Angkop ba para sa Allah na Makapangyarihan sa lahat na likhain ang sansinukob nang napakahusay at napakaayos, at pagkatapos ay sisirain ito muli nang walang dahilan o layunin?!

Sinabi ng Allah: *((Inaakala ba ninyo na nilikha Namin kayo nang laru-laro lamang at kayo sa Amin ay hindi ibabalik?) Kataas-taasan sa Allah ang totoong Hari. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya ang Panginoon ng Marangal na Trono.))* Al-Qur'an 23:115-116.

Ang Allah ay naglikha ng mga tao upang Siya ang sambahin. At titipunin Niyang muli ang mga tao sa Araw ng Paghuhukom upang sila ay hatulan batay sa kanilang mga gawain. Ang sinumang nanampalataya ay makakapasok sa paraiso at malalasap niya ang mga biyaya rito magpakailanman. At ang sinumang tinanggihan ang pag-anyaya ng Allah at Kanyang totoong relihiyon ay kabilang sa mga taga-impiyerno.



DISCOVER
AL-ISLAM

www.DiscoverAlIslam.com
info@DiscoverAlIslam.com



@AlIslamDiscover



I-SCAN ANG QR CODE
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika

4

Bakit Islam?



Tagalog

Ang pinakadakilang bagay na nakikilala ang tao sa iba pang mga nilalang ay: ang kaisipan, at ang gawain ng isip ay: ang pag-isip.

At maaaring magtanung-tanong ang hindi muslim:

- Bakit ako magmu-muslim?
- Ano ang magdadala sa akin upang iwanan ang aking relihiyon at pumasok sa relihiyong Islam?
- Ano ang magtutulak sa akin upang gawin ang pagpapasyang ito?

Ang sagot:

1 ***Ikaw ay mag-muslim upang makumbinsi mo ang iyong isip na naghahanap ng katotohanan:***

Ang taong mautak ay napagtatanto niya sa pamamagitan ng kanyang matinong pag-iisip —kung siya ay nag-iisip nang simple na walang panggigipit mula sa labas- na ang relihiyon na kanyang pinaniniwalaan (liban sa Islam) ay mali na hindi matatanggap ng kaisipan.

Matatanggap ba ng kaisipan: na ang rebulto na ginawa mula sa bato, tanso o ginto ay ang diyos na lumikha sa mga langit at lupa? Hindi ba niya alam na ang bato na ginawa mula rito ang mga estatwa ay hinukay mula sa bundok, walang pinagkaiba sa pagitan nito at ng anumang bato mula sa mga bato ng bundok? Matatanggap ba ng kaisipan: na sambahin ng isang tao ang taong katulad niya? Samantalang sa Islam: Ang Ilaah (Diyos na sinasamba), Siya ang Allah na Khaaliq (Ganap na Tagapaglikha) na lumikha sa kalangitan at kalupaan, at ang nagbibigay biyaya sa lahat ng mga nilalang mula sa mga tao, Jinn (engkanto) at mga hayop. Kaya Siya ang Nag-iisang may karapatan na pag-ukulan ng pagsamba.



Ang taong may-isip, kapag nagmuni-muni sa mga nilalang sa kanyang kapaligiran, makikita niyang ito ay saksi sa pag-iiral ng Allah at karapat dapat Siya na sambahin; Ang sansinukob, mula sa kalangitan hanggang kalupaan ay saksi sa pag-iiral ng Allah at ng Kanyang Kaisahan: ang kalangitan at mga napapaloob dito na mga planeta, bituin, at kalawakan, at ang kalupaan na napapaloob dito ang mga bundok, mga ilog, gabi at araw, mga halaman at pananim, at mundo ng tao. Dahil dito sinabi ng Allah: **(At nasa kalupaan ang mga aral, ang mga malilinaw na mga palatandaan sa Kapangyarihan ng Allah na Siyang naglikha nito para sa mga taong nakatitiyak sa kanilang paniniwala sa Kaisahan ng Allah at sa pagiging**

totoo ng Kanyang Sugo. At sa paglikha ng inyong mga sarili ay mga palatandaan sa kapangyarihan ng Allah, at mga aral na nagtuturo sa inyo hinggil sa ganap na Kaisahan ng Lumikha sa inyo, na katotohanang wala kayong nararapat na sambahin bukod sa Kanya, samakatuwid, nakalimutan ba ninyo ito, at hindi ninyo ito nakikita upang mapagkunan ninyo ng aral?) *Al-Qur'an 51:20-21*



2 ***Mag-muslim upang makumbinsi ang iyong kaluluwa:***

Ang tao ay ipinanganak ng likas sa Islam, samantalang ang mga magulang nito ang tumayo upang baguhin ang kanyang Fitrah (likas na pagkakalikha sa kanya) sa pamamagitan ng paglipat sa kanya tungo sa ibang relihiyon. Ang kaluluwa ay hinahangad ang likas na bagay na pagkakalikha sa kanya, at ito ang relihiyong Islam.

Kung ipagkukumpara natin ang dalawang relihiyon:

- Relihiyon na nagsasabing: Sambahin ninyo ang Diyos na Nag-iisa na nasa kanya ang pagiging Ganap na Perpekto, at Siya ang Khaaliq —Ganap na Tagapaglikha— ang Raaziq —Ganap na Tagapagbigay-biyaya— ang Hayy —nagtataglay ng walang hanggang buhay— na hindi mamamatay.
- At ibang relihiyon na nagsasabi: Ang Diyos ay nahihirapan, nagkakasakit at namamatay.

Kaya alin sa dalawang relihiyon ang sumasang-ayon sa kaisipan at kalikasan ng tao?

Walang pag-aalinlangan na ang Islam ang siyang sumasang-ayon sa kaisipan at kalikasan ng tao; At ito ang likas na paglikha ng Allah, na nilikha Niya ang mga tao rito.

3 ***Mag-muslim upang maramdaman ang panloob na kapayapaan at kaluwagan ng kalooban:***

Ang Islam ang nagiging sanhi ng kapayapaan ng sarili, kaluwagan ng kalooban, at sikolohikal na ginhawa; At dahil dito, inamin ito ng marami sa mga taong pumasok sa Islam.

Sinabi ng isa sa kanila: “Noong ako ay pumasok sa Islam, binigkas ko ang dalawang pagsaksi. Naramdaman ko ang liwanag at kaginhawahan na pumupuno sa aking sarili, kaya aking hinihiling sa Allah na Kanyang buksan ang mga puso ng lahat ng mga tao; upang pumasok sila sa relihiyong ito;

upang malasap nila ang kaligayahan sa mundo at kaligtasan mula sa Impiyerno sa Araw ng Paghuhukom.” Ang Dakilang Islam ay ang dahilan ng kaligayahan sa mundo at Kabilang-Buhay.

Sinabi ng Allah: (Sinuman ang gumawa ng mabubuting gawa, lalaki man o babae, na siya ay tunay na naniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo; ay pagkakalooban Namin siya rito sa daigdig ng mabuti at mapayapang pamumuhay kahit siya ay hindi mayaman, at walang pag-aalinlangan na ipagkakaloob Namin sa kanila ang gantimpala sa Kabilang-Buhay nang higit pa kaysa kabutihan na kanilang nagawa rito sa daigdig.) *Al-Qur'an 16: 97*

4 ***Mag-muslim ka upang maisagawa mo ang tunay mong gawain sa iyong buhay:***

Hindi mo pangunahing gawain sa buhay ang trabaho, kumita ng pera, kumain, uminom, at pagkatapos ay mamatay!

Bagkus ang pangunahing gawain mo ay ang dahilan ng pagkakalikha sa iyo: Ang sambahin mo ang Allah na lumikha sa iyo, nagbigay biyaya sa iyo, at makilala Siya nang tunay na pagkilala. Siya ang Nagbigay-buhay sa iyo at Siya rin ang papatay sa iyo. Pagkatapos ay bubuhayin kang muli sa araw ng paghuhukom.

Tulad ng sinabi ng Allah sa Maluwalhating Qur'an: (At hindi ko nilikha ang jinn at ang tao, at sa pagkapadala ng lahat ng mga Sugo kundi sa napakataas na uri ng layunin, na ito ay sambahin lamang Ako nang bukod-tangi at wala ng iba pa. At hindi Ko kailangan mula sa kanila ang kabuhayan at hindi Ko kailangan na Ako ay pakainin nila, dahil walang pag-aalinlangan, Ako ay nagbibigay ng kabuhayan at Tagapagkaloob. Na ang Allah, luwalhati sa Kanya, ay hindi nangangailangan sa Kanyang mga nilikha, sa halip sila ang mga nangangailangan sa Kanya sa lahat ng pagkakataon, na Siya na lumikha sa kanila at bumubuhay sa kanila ay ganap na hindi nangangailangan sa kanila at sa kahit na anupaman. Katiyakang ang Allah, Siya ay Ar-Razzâq — ang Bukod-Tanging Tagapagkaloob ng kabuhayan sa Kanyang mga nilikha at ginagarantiyahan Niya ang kanilang kabuhayan, na Dhul Quwatil Mateen — ang Tagapagtangan ng Matibay na Lakas, na di-nagagapi at di-natatalo dahil Pagmamay-ari Niya ang lahat ng kapangyarihan at lakas.) *Al-Qur'an 51:56-58*

